

Mga Palatandaan ng Pang-aabuso sa Matatanda

Maaaring maging kabilang sa pang-aabuso sa matatanda ang pagpapabaya, pisikal, emosyonal, pinansyal at sekswal na pang-aabuso. Nasa sa ating lahat ang pag-iwas at pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso. **Narito ang ilang palatandaan ng pang-aabuso sa matatanda na dapat malaman ng lahat.**

> Mga Palatandaan sa Emosyon at Pag-uugali

- > Mga kakaibang pagbabago sa pag-uugali at pagtulog
- > Takot o pagkabalisa
- > Inihihiwalay ang sarili o hindi tumutugon
- > Kalungkutan

Mga Palatandaan sa Pangangatawan

- > May pilay, pasa, at pamamantal
- > Mga hiwa, singaw o paso
- > Napunit, namantsahan o madugong kasuotang panloob g
- > Mga sakit na naililipat sa pakikipagtalik nang walang malinaw na paliwanag
- > Pagiging marumi, hindi tamang nutrisyon o kakulangan ng tubig sa katawan
- > Hindi mabuting kalagayan ng pamumuhay
- > Nawawala ang mga nakakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay (salamin sa mata, walker, at mga gamot)

Mga Palatandaan sa Pananalapi

- > Mga kakaibang pagbabago sa account sa bangko at pangangasiwa sa pera
- > Mga kakaiba o mabilis na pagbabago sa huling habilin o iba pang pinansyal na dokumento.
- > Mga pekeng pirma sa mga pinansyal na dokumento
- > Mga hindi nabayaran bayarin

PAG-UULAT NG PANG-AABUSO

Makakatulong ang mga programang gaya ng Adult Protective Services (APS, Mga Serbisyong Pumuprotekta sa Matatanda) at ang mga Long-Term Care Ombudsman (Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga). Para sa numerong tatawagan sa pag-uulat, makipag-ugnay sa Eldercare Locator sa 1-800-677-1116 (www.eldercare.acl.gov).

*Sa mga mapanganib na sitwasyon na nangangailangan ng agarang atensyon, tumawag sa **911** o sa lokal na pulisya o sheriff.*

